Pangalan:___________________________Pangkat: __________________________
Petsa : _____________________________ Marka: ___________________________

**Kasanayan**: Nagagamit nang wasto ang pang-angkop at pangatnig.
**Code :** F6WG-IIIj-12

Ang mga **pang-angkop** ay mga katagang nakapagpapadulas sa pagsasalita. Ikinakabit ito sa mga salitang naglalarawan at inilalarawan.

Ang pang-angkop na -ng ay ikinakabit sa nauunang salitang nagtatapos sa patinig.
Halimbawa : bago**ng** pahayagan basa**ng** daan isa**ng** regalo lagare**ng** sira

Ang **pang-angkop** na na ay ginagamit sa salitang nagtatapos sa katinig maliban sa titik n.
Halimbawa: bahay **na** malinis mabait **na** ama pandaigdig **na** balita

Ang pang-angkop na -g ay ikinakabit sa mga salitang nagtatapos sa titik n.
Halimbawa: sasakyan**g** mabagal dahon**g** tuyo karton**g** matigas

Ang **pangatnig** ay bahagi ng pananalitang nag-uugnay ng salita sa kapwa salita, ng isang parirala sa kapwa parirala o ng sugnay sa kapwa sugnay upang mabuo ang diwa o kaisipan ng isang pahayag. Ito ay maaaring makita sa unahan at gitnang bahagi ng pahayag o usapan. Ang pangatnig ay ginagamit kung :

1. Magdadagdag, ( at pati, saka, habang, samantala )
   -Magaganda **at** malulusog ang kambal na babae.
2. Hindi ibibilang o isasali ( maliban, pwera ) .
   -Nag-alisan ang lahat **pwera** kay Japhet.
3. Magbibigay- sanhi o dahilan ( pagkat, sapagkat, dahil, kasi , palibhasa) .
   -Hindi siya nakapaglaro **dahil** umuulan.
4. Magbibigay- layunin ( nang, upang, -para,) .
   -Nagtatrabaho ang tatay **para** sa kaniyang pamilya.
5. Magbibigay – bunga ( kaya, kung kaya ) .
   -Nagsikap siya **kaya** isa na siyang ganap na arkitekto.
6. Magbibigay-kasunduan ( kung, kapag, pag, sakali) .
   -Tatanggapin ang binata sa trabaho **kung** siya ay ,magaling na manggagamot.
7. Maghihinuha ( sa makatuwid, kung gayon ) .
   -Pasado ang binata sa pagka guro, **sa makatuwid**, tatanggapin siya.

**Gawain A**. Panuto: Itambal ang mga salita sa kaliwang kahon sa kaugnay nitong salita sa kanang kahon gamit ang wastong pang-angkop. Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.

1. _________________ babae
2. _________________ alon
3. _________________ lupain
4. _________________ bata
5. _________________ hangin

| |
|---|
| malakas |
| malawak |
| sariwa |
| masunurin |
| maganda |

**GAWAIN B** Panuto: Punan ng tamang pang angkop ang mga sumusunod na mga parirala. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. kabataan_________ masipag
2. masalimuot _______ daigdig
3. marangal _________ gawain
4. responsablen ________ pinuno
5. alipin_______ mapagkakatiwalaan

LIVEWORKSHEETS